

MAPEH

(MUSIC)

**Ikaapat na Baitang – Modyul 2:
Pagsasama-sama ng mga Nota
at Pahinga Ayon sa mga
Simple Meters**

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI



Alamin

Mga layunin sa pagkatuto;

1. Napagsasama-sama ang mga nota at pahinga na may akma na haba/tagal ng kumpas ayon sa simple meter.

2. Nakakaguhit ng mga nota at pahinga nang may tamang kumpas na ayon sa simple meter.

Paano matuto sa Modyul na ito:

Upang makamit ang layunin na inilalahad sa itaas, gawin ang sumusunod na mga hakbang:

- Basahin at unawain nang mabuti ang aralin.
- Sundin at gawin ang inilalahad na panuto sa bawat pagtataya at pagsasanay.
- Sagutin ang lahat na mga tanong sa pagsasanay at pagtataya.



Subukin

Panuto : Hanapin sa **Hanay B** ang halaga o bilang ng kumpas ng bawat nota o pahinga. Isulat sa patlang ang titik ng tamang sagot.

Hanay A

_____ 1. 

_____ 2. 

_____ 3. 

_____ 4. 

Hanay B

- a. 2
- b. 1
- c. 4
- d. 1/2

Alamin

2

Pagsasama-sama ng mga Nota at Pahinga ayon sa mga Simple Meters

Ang pagsasaayos at paghahanap sa mga bagay ayon sa uri o kagamitan nito ay makatutulong nang madalian kung gagamitin mo na ito. Gaya sa aralin ng modyul na ito.

Sa araling ito, malalaman mo kung paano isasaayos ang mga nota at pahinga batay sa halaga at kumpas nito sa akma na simple meter



Balikan

Panuto: Basahin ang pangalan ng mga nota o pahinga at piliin ang simbolo nito sa bawat titik na pagpipilian. Isulat ang titik ng iyong sagot sa bawat patlang.

_____ 1. Waluhing Nota

- a.  b.  c.  d. 

_____ 2. Buong Nota

- a.  b.  c.  d. 

_____ 3. Kalahating Pahinga

- a.  b.  c.  d. 

_____ 4. Waluhing Pahinga

- a.  b.  c.  d. 

_____ 5. Apating Nota

- a.  b.  c.  d. 



Tuklasin

Panuto: Pag-aralan ang sumusunod na hulwiran ng mga nota at pahinga sa bawat meter. Bigyang-pansin ang halaga ng bawat nota at pahinga sa bawat sukat. Naaayon ito sa meter na kinalalagyan nito.

Duple Meter / $\frac{2}{4}$

1 1 1 $\frac{1}{2}$ $\frac{1}{2}$ 1 1 $\frac{1}{2}$ $\frac{1}{2}$ $\frac{1}{2}$ $\frac{1}{2}$

Triple Meter / $\frac{3}{4}$

1 1 1 1 $\frac{1}{2}$ $\frac{1}{2}$ 1 1 1 1 $\frac{1}{2}$ $\frac{1}{2}$ 1 1

Quadruple / $\frac{4}{4}$
Meter

1 1 1 1 1 $\frac{1}{2}$ $\frac{1}{2}$ 1 1 1 1 1 1



Suriin

Kung maalala mo pa, ang *buong nota/pahinga* ay may 4 na kumpas, ang *kalahating nota/pahinga* ay may 2 kumpas, ang *apating nota/pahinga* ay may 1 kumpas, at ang *waluhing nota/pahinga* naman ay may $\frac{1}{2}$ na kumpas.


Ang simbolo ng Duple Meter ay $\frac{2}{4}$. Ang numero na 2 sa itaas ay

nagsasaad ng bilang ng kumpas bawat grupo ng mga nota o pahinga, at ang numero sa ibaba na 4 ay nagsasaad ng uri ng nota na may 1 kumpas.

Gayundin ang Triple Meter o $\frac{3}{4}$, may tatlong kumpas bawat grupo ng mga nota o pahinga.

Ang Quadruple Meter o $\frac{4}{4}$, ay may apat na kumpas bawat grupo ng mga nota o pahinga.

Bigyang pansin ang mga simple meters sa ibaba. Gawin mo ang pagbibilang ng kumpas na nailapat na *numero* at salitang *and* sa bawat nota at pahinga.



Pagyamanin

Panuto: Buuin ang tamang pagsasama-sama ng mga nota at pahinga. Iguhit ang hinihingi na mga nota at pahinga sa loob ng sukat.



Isang Kalahating
Nota

Dalawang
Apating Nota

Isang Apating
Nota at Isang
Apating Pahinga

Isang Apating Nota at
DalawangWaluhing
Nota



Tatlong Apating
Nota

Isang Kalahating
Nota at Isang
Apating Nota

Isang Apating
Nota at Dalawang
Apating Pahinga

Isang Kalahating
Nota at Dalawang
Waluhing Nota

4
4

Isang Buong
Nota

Dalawang
Kalahating Nota

Apat na Apating
Nota

Tatlong Apating
Nota at Isang
Apating Pahing



Isaisip

Ang pagsasama-sama o pagsasaayos ng mga nota at pahinga ay naaayon sa nakatakdang simple meter. Kung napapansin mo, ginagamitan ito ng patindig na linya na tinatawag na *barline* na siyang humahati sa bilang ng kumpas sa bawat sukat.



Isagawa

Panuto:

Bigyang pansin ang sumusunod na mga simple meters. Upang mabuo ang tamang pagsasama-sama ng mga nota at pahinga sa bawat meter, bilangin ang kumpas ng bawat nota o pahinga at lagyan ng patindig na linya o *barline* na naaayon sa meter na kinalalagyan nito .





Tayahin

Panuto: Punan ng mga nota o pahinga ang bawat puwang upang ma kumpleto ang bilang ng kumpas ayon sa simple meter. Ang gagawin mo lang ay dagdagan ito ng akma na nota o pahinga na kukumpleto sa bilang ng kumpas ayon sa nakasulat na simple meter .

1. Duple Meter - Gamitin ang nota na kinakailangan.



2. Triple Meter - Gamitin ang pahinga na kinakailangan.



3. Quadruple Meter - Gamitin ang nota na kinakailangan.





Karagdagang Gawain

Paano mo malalaman na ang isang awitin ay may duple meter, triple meter at quadruple meter?

Damahin mo ang indayog ng awit at sabayan ng pagbilang ng bawat malakas na tunog.

Upang lubos mong mapapahalagahan ang natutunan mo sa aralin, magsanay kang umawit ng kahit anong alam mo na awitin o di kaya kung may pagkakataon ka, makinig sa radyo o telebisyon ng mga awitin at tukuyin kung alin sa mga inaawit o pinakinggan mo na mga awitin ay may duple meter, triple meter at quadruple meter.



Susi sa Pagwawasto

Subukin
1. C
2. A
3. B
4. D

Balikan
1. C
2. B
3. C
4. C
5. C

Tayahin



Isagawa

